

Programa ng Pagsasalita at Wika para sa Preschool ng Ontario

Ang Programa ng Ontario sa Pagsasalita at Wika para sa Preschool ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang sa sila ay magsimula sa paaralan. Ang pagtasa at isang hanay ng mga serbisyong pagtatalakay ay ibinibigay sa mga bata at kanilang mga pamilya sa buong probinsiya sa maraming ibat-ibang mga komunidad, na pinakamalapit sa tahanan hangga'tmaari.

Kung ikaw ay may mga alalahanin tungkol sa mga kasanayan sa pagsasalita at wika ng iyong sanggol maaaring makakuha ka ng tulong mula sa Programa sa Pagsasalita at Wika para sa Preschool. Ang kawani ng programa ay maaaring makapagturo sa iyo kung paano matutulungang paunlarin ang mga kasanayan sa komunikasyon ng iyong anak, upang bigyan siya ng pinakamahusay na pagkakataon para sa malusog na pag-unlad.

Ang Programa ng Ontario sa Pagsasalita at Wika para sa Preschool ay nagbibigay ng mga serbisyo nito nang libre sa iyo at hindi nangangailangan ng pagsangguni ng isang manggagamot.

Para sa impormasyon sa mga lokal na programa sa pagsasalita at wika mangyaring bisitahin ang ontario.ca/earlychildhood at i-klik ang Speech and Language.

To order by phone:
1-800-668-9938
TTY: 1-800-268-7095

Or visit: www.serviceontario.ca/publications
Publication # 019514

Learn more: www.ontario.ca/children

Nov/2014 © Queen's Printer for Ontario

TAGALOG

Programa ng Pagsasalita at Wika para sa Preschool (Preschool Speech and Language Program)



Ang pag-unlad sa wika at pagsasalita ng iyong pre-school na anak

Programa ng Pagsasalita at Wika para sa Preschool

Ang iyong preschool na anak ay abala sa pagsasalita, pagsasaliksik at paglalaro. Lahat ng mga gawaing ito ay mahalaga para sa kanyang paglaki at pag-unlad – at para sa mga kasanayan sa pag-aaral at komunikasyon.

Kakailanganin ng iyong anak ang mahusay na ginawang mga kasanayan sa komunikasyon kapag panahon nang pumasok sa paaralan – upang makipagkaibigan, matuto ng mga bagong bagay, at magsimulang mag-aral na bumasa at sumulat. Ang mga kasanayan sa komunikasyon ay kritikal sa tagumpay sa kinabukasan ng iyong anak.

Mahalaga ang iyong ginagampanang tungkulin sa patuloy na pag-unlad ng komunikasyon ng iyong anak. Ang pakikipag-usap, pakikinig at pakikipaglaro sa iyong anak ay makakatulong na bumuo ng mga kasanayan na kailangan niya upang magtagumpay sa paaralan at sa pamumuhay.

Halos isa sa 10 mga bata ay nangangailangan ng tulong na paunlarin ang mga kasanayan sa normal na pagsasalita at wika. Kung walang tulong, isang paghihirap ang making at magsalita, mahirap na matutong magbasa, at mahirap na makipaglaro sa ibang mga bata.



Mga Palatandaan sa Pag-unlad

Ang mga palatandaang ito ng pag-unlad ay nagpapakita ng ilang mga kasanayan na nagtatatak ng progreso ng mga bata habang sila ay natututong makipag-usap.

Kung hindi natutugunan ng iyong anak ang isa o higit pa sa mga palatandaang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Programa ng Pagsasalita at Wika para sa Preschool.

Sa gulang na 3

- naiintindihan ang mga tanong na “sino”, “ano”, “saan” at “bakit”
- gumagawa ng mga mahahabang pangungusap, gamit ang 5 o higit pang mga salita
- nagsasabi tungkol sa mga nakaraang pangyayari – paglalakbay sa bahay ng mga lolo’t lola, araw sa childcare
- nagkukuwento ng mga simpleng istorya
- nagpapakita ng pagmamahal para sa mga paboritong kalero
- nakikibahagi sa maraming-paraan ng kunwariang paglalaro – nagluluto ng pagkain, nagkukumpuni ng isang kotse
- ay naiintindihan ng karamihan ng mga tao sa labas ng pamilya, sa kadalasan ng panahon
- nalalaman ang paggana ng print – sa mga menu, mga listahan, mga karatula
- nagsisimuang magkainteres sa, at magkaroon ng kamalayan sa, pagririma

Sa gulang na 4

- sumusunod sa mga utos na kaugnay ang 3 o mas higit pang mga hakbang – “Una kumuha ka ng papel, tapos ay gumuhit ng isang larawan, at huli ibigay ito sa nanay”
- gumagamit ng uri ng gramatikang pangmatanda
- nagsasalaysay ng mga kuwento na may malinaw na simula, gitna, at katapusan
- nagsasalita upang subukin na lutasin ang mga problema ng mga matatanda at ibang mga bata
- nagpapakita ng lalong masalimuot na nilikhang laro
- ay naiintindihan ng mga estranghero sa halos karamihan ng panahon
- ay nakakalikha ng mga simpleng rima – “cat-bat”
- napagtutugma ang ilang mga letra sa kanilang mga tunog letrang T ay sinasabing “tuh”

Sa gulang na 5

- sumusunod sa mga utos ng grupo –“lahat ng mga batang lalaki kumuha ng isang laruan”
- nakakaintindi ng mg utos na kasangkot ang “kung...gayon” – “kung may suot kang runners, *kung gayon*, ay luminya ka para sa gym”
- nilalarawan ng detalyado ang nakaraan, kasalukuyan at panghinaharap na mga pangyayari
- naghahangad na pasiyahin ang kanyang mga kaibigan
- nagpapakita ng mas higit na pagsasarili sa pakikipagkaibigan – maaaring mag-isang bumisita sa kapitbahay
- gumagamit ng halos lahat ng mga tunog ng kanilang salita na may kaunti o walang pagkakamali
- nalalaman lahat ng mga letra sa alpabeto
- nakikilala ang mga tunog sa simula ng ilang mga salita – Ang pop ay nagsisimula sa tunog na “puh”

Subukin ang ilan sa mga mungkahing ito upang tulungan ang iyong anak na lumutas ng mga problema, gumawa ng pamimili, ilarawan ang mga bagay at mga pangyayari at mamahagi ng mga ideya.

Nagugustuhan ng mga tatlong taon kapag ikaw ay:

- Nagbibigay sa kanila ng iba-ibang mga materyales kabilang na ang tisa, mga lapis, mga krayola, mga marker, at mga pintura para sa daliri, upang himukin na gumuhit at magsulat ng dali-dali.
- Gumagamit ng mapaglarawang mga salita tulad ng mga kulay at mga magkasalungat (mainit/malamig, malaki/maliit, mabibilis/mabagal) pati na rin ang mga salitang pagkilos (lumilipad, tumitilamsik, tumatakbo) kapag nakikipag-usap ka sa kanila.
- Nagbibigay ng ekstrang panahon sa kanila upang magbahagi ng kanilang mga ideya.
- Nagbibigay ng mga pagpipilian – tungkol sa anong mga kakainang pagkain, mga laruan na paglalaruan, mga damit na isusuot.
- Nagmomodelo ng tamang mga tunog at gramatika para sa kanila – sinasabi ng bata “takbo siya” at sinasabi mo “oo, tumakbo siya”.
- Nagbabasa ng mga aklat na nahuhulaan at umuulit – humihinto upang bigyan ang bata ng pagkakataon na punan ang mga salita at mga parirala.
- Nakikipaglaro at nagkukunwari sa kanila! Maaaring naisin nilang i-arte ang mga eksena mula sa kanilang paboritong mg video, nagkukunwaring kumakain sa isang restawran o maging isang guro o bumpero.

Nagugustuhan ng mga apat na taon kapag ikaw ay:

- Nagbibigay sa kanila ng maraming mga pagkakataon na makipaglaro sa ibang mga bata – sa aklatan, sa parke, sa Early Years Centre. Minsan, gusto nila na magkaroon lamang ng isa o dalawang kaibigan sa inyong bahay para maglaro.
- Nagtuturo ng mga salita sa mga aklat at hinahagod ang mga daliri sa ibaba ng mga salita habang binabasa sa kanila.
- Sinasabi ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari – inilalarawan kung anong unang nangyari, sumunod at huli – “*una* huhugasan natin ang ating mga kamay, tapos mayroon tayong merienda at *huli* ilalagay natin ang mga pinggan sa lababo.”
- Hinihimok sila na sabihin ang kanilang sariling mga kuwento – sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila na sabihin sa iyo ang tungkol sa kanilang araw, na ilarawan ang isang pelikula na kanilang pinanood, na sabihin sa iyo ang tungkol sa kanilang paboritong aklat.
- Nagbabasa ng mga aklat na may mga salitang nagririma – “mouse/house”, at tinuturo ang mga tunog sa simula ng mga salita – “Ang mommy ay nagsisimula sa “mmm” na tunog – iyon ay letrang M”.

Nagugustuhan ng mga limang taon kapag ikaw ay:

- Gumagamit ng bago at mas masalimuot na mga salita - “bago/pagkatapos”, “magaspang/makinis”, “madali/mahirap”, “sa pagitan/sa tabi”, “pareho/magkaiba”.
- Nagsasabi ng mga numero at dami ng mga bagay – “marami/kaunti”, “higit/kaunti”, “isa/marami”.
- Nagtatanong sa kanila na hulaan kung anong susunod na mangyayari – “Ano sa palagay mo ang mangyayari kapag binuksan ni Sam ang kanyang regalo sa kaarawan?”, at ipaliwanag ang mga dahilan sa mga pagpipilian – “Bakit tayo kailangang magsuot ng ating mga coat ngayon?”
- Nakikipagpalitan ng tiyempo sa pagsasabi ng sariling mga kuwento gamit ang mga larawan sa mga aklat – gusto kang marinig ng mga bata na nagsasalita at pagkatapos nais nilang magkaroon ng pagkakataon na sabihin ang kanilang bersyon ng kuwento.
- Pumapayag na tulungan ka nilang magplano ng mga pagdiriwang. Pag-usapan kung ano ang kailangang gawin bago ang pagdiriwang para sa kaarawan, o kung paano maghandang pumunta sa zoo. Nagtatanong ka sa iyong anak ng “bakit” at “paano” habang nagsasalita ka.
- Nanghihingi ka sa kanila ng tulong. Matutuwa ang iyong anak na tumulong sa iyo na maghanda ng pagkain, mag-ayos ng mesa, uriin ang mga labada, atbp. Bigyan sila ng mga direksyon at tingnan kung masasabi nila ang mga hakbang.

